


Iwasan ang avian influenza: panatilihing ligtas ang iyong sarili at pamilya gamit ang PPE



Iwasan ang avian influenza: panatilihin ang iyong sarili at pamilya gamit ang PPE

Tanggalin ang PPE sa ligtas na paraan:

1. Linisin at i-disinfect ang bota
2. Tanggalin ang bota
3. Tanggalin at itapon ang coveralls, iwasang madikitan ang anumang bahagi ng balat o panloob na damit habang nagpapatuloy ka
4. Tanggalin at itapon ang guwantes
5. Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig
6. Tanggalin ang goggles, pantakip sa ulo, at respirator/mask
7. Linisin at i-disinfect ang goggles at respirator kung puwede pang gamitin ulit
8. Maghugas ulit ng kamay kaagad gamit ang sabon at tubig
9. Tandaang kontaminado ang labas ng PPE mo; iwasang madikitan ang iyong balat o panloob na damit habang nakasuot o nagtatanggal ng PPE

Kung nagpositibo sa pagsusuri para sa bird flu ang kawan ng mga ibon o lugar ng trabaho mo, o kung naghihintay ka pa ng resulta, makatutulong ang pagsusuot ng personal na pamprotektang kagamitan (PPE) para mapanatili ka at ang iyong pamilya na malusog.

1. Magsuot ng PPE kapag nakikisalamuha sa may sakit o patay na poultry, sa mga dumi nila, o sa kahit anong nasa kulungan nila o kapag pumapasok sa anumang istruktura kung nasaan ang may sakit o patay na poultry.
2. Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig pagkatanggal ng PPE.
3. Huwag isuot o itabi ang kontaminadong damit o kagamitan sa bahay o nang malayo sa lugar ng trabaho mo.
4. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan ng publiko para sa karagdagang patnubay. Puwede kang tumawag sa 206-418-5500 upang hingin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.



DOH 420-487 May 2023 Tagalog